# Panunuring Pampanitikan

Ipinasa ni:
Pangan Catherine G.

Ipinasa kay:
Bb. Yayon Bernadette

**(Tula)**

**I.** A. **Pamagat**: Sa Tabi ng Dagat

**May-akda**: Ildefonso Santos

Si Ildefonso P. Santos ay isang makata na isinilang sa bayan ng Malabon, sa nayon ng Baritan noong ika-23 ng Enero, 1897. Kaisa-isang anak siya nina Andres Santos at Atanacia Santiago.

Nahilig si Ildefonso sa pagsusulat ng mga tula dahil sa kanyang pinsang si Leonardo Dianzon na isang makata na naglalathala sa babasahing Ang Mithi. Si Dianzon ang nakatuklas kay Ildefonso nang mabasa niya ang tula ng pag-ibig na sinulat ni Ildefonso. Si Iñigo Ed Regalado ay humanga rin kay Ildefonso. Doon na nagsimula ang kanyang pagsulat ng mga tula. Ginamit niyang sagisag-panulat ang Ilaw Silangan.

Natapos si Ildefonso Santos ng kursong edukasyon. Nang simulang ipaturo ang Pambansang Wika, siya ang kauna-unahang nagturo ng Pilipino sa National Teacher's College. Nagturo rin siya sa Baguio Vocational Normal School. Hindi lamang siya guro, siya ay mahusay na tagapagsaling-wika at makata.

Si Ildefonso Santos ay isa sa mga kinikilalang manunulat sa Tagalog noong panahon ng Amerikano. Kahanga-hanga ang kariktan ng kanyang mga tula dahil sa pananalitang ginamit niya. Isa raw siya sa mahusay at maingat magsulat ng mga tula avon sa mga kritiko. Ang kanyang mga tula ay simple at karaniwan, ngunit puna ng diwa at damdamin. Ang ilan sa kanyang mga tula na mababanggit ay Tatlong Inakay, Gabi, Ang Guryon, Sa Tabi ng Dagat, Ulap at Mangingisda. May mga tanaga rin siyang naisulat tulad ng Palay, Kabibi at Tag-init.

Siya ay ama ni Ildefonso P. Santos, Jr. na Pambansang Alagad ng Sining ng Pilipinas para sa Arkitektura noong taong 2000.

B. **Sanggunian**:

*https://churlaloo.wordpress.com/2011/01/10/sa-tabi-ng-dagat-ni-ildefonso-santos/*

**II.** **Nilalaman:**

1. **Tema** : Pag-ibig
2. **Paksa** : Ironiya ng pagpasok sa isang relasyon
3. **Sining ng pagpapahayag**: Pasalaysay at paglalarawan
4. **Layon**: Mapaglarawan at mapagpanuto
5. **Persona:** Kasintahang lalaki o binata

6. **Banghay /detalye:**

**a. Unang saknong**

Sinundo ng lalaki ang kanyang kasintahan para maligo sa dagat at pinapahiwatig na sila'y tatakas. Inilarawan ng may-akda ang paa ng babae.

**b. Ikalawang saknong**

Dumaan sila sa pilapil at may mga basang damuhan at naghabulan sila papuntang pampang ng dagat.

**c. Ikatlong saknong**

Nagtampisaw sila sa tabi ng dagat at nanguha ng mga lamang dagat.

**d. Ikaapat na saknong**

Sa pagtakip-silim sila'y uuwi na dama at dala ang stamis at sakit ng kanilang pag-iibigan.

7. Argumento: Ang pag-ibig ay may kaakibat na responsibilidad.

**B. Istruktura**

1**.** **Anyo:** May tiyak na sukat at tugma

2. **Sukat :** Mayroon itong apat na taludtod at lalabinwaluing pantig sa bawat taludtod.

3. **Tugma:** Gumamit ang may-akda ng tugmang karaniwan sa tatlong saknong maliban sa ikatlong saknong na tugmang ganap.

4. **Pamamaraan:** Masigasig, makatotohanan at imahinistiko ang tulang ito.

5. **Himig :** Nakakakilig sa simula ngunit natapos ito ng malungkot.

6. **Teoryang Pampanitikan**: Imahenismo

7. **Imahe/Simbolismo:**

Ang ikatlo at ikaapat na taludtod sa unang saknong ng tula ay naglalarawan na ang babae sa tula ay maganda sapagkat nabubuo saking isipan ang paang maputi, makinis na may mapulang sakong.

**III. Pagsusuri:**
**A. Istilo ng paglalahad:**

Sa istilo ng paglalahad ng mga kaisipan opangyayari ay tuloy-tuloy at maypagkakaugnay ang bawat pangyayari. Ito aynagsimula sa pagpunta ng dalawang magsing-irog sa dagat, doon ipinahayag ang matamisna pag-iibigan nila at natapos ito ng umuwi nasila pagdapithapon.

**B. Panahong kinabibilangan:**

Ang tulang ito'y mabibilang sa modernong panahon, dahil may mga ganitong sitwasyon pa rin hanggang sa ngayon.

C. **Tayutay/Kawikaan**

Matalinghagang pananalita ang ginamit ng may-akda na kung saan ay pareho niyang ginamit ng idyoma at tayutay:

a. **Paang binalat sibuyas –** makinis
b. **Sakong wari'y kinuyom na rosas** –mapula
c. **Damong may luha ng mga bituin –** hamog

d. **Marahang-marahang manaog ka, irog, at kata'y lalakad,** -
dahan-dahan daw bumaba kaya baka ibig sabihin tumatakas sa bahay
maglulunoy katang
e. **payapang-payapa sa tabi ng dagat; –**magkasama silang dalawa sa tabi ng dagat, malamang ay sa naglalakad
f**. di na kailangangsapnan pa ang paang binalat-sibuyas, ang daliring garing at sakong na wari'y kinuyom ng rosas! –**Huling tatlong taludtod: mayaman ang babae dahil balat-sibuyas ang paa at mapula ang sakong. Ibig sabihin, maputi at naiingatan.
g. **Manunulay kata, habang maaga pa, sa isang pilapil na nalalatagan ng damong may luha ng mga bituin; –**Dito magtatalik na sila. Nasa damuhan lang sila at madaling araw pa lang kasi basa pa ang damo ng luha ng mga bituin aka may hamog pa.

D. **Galaw ng pangyayari**

Naging maayos at malinaw ang mgapangyayari sa akdang ito ngunit kinakailangantalaga ang lubos na pag-unawa at pag-aanalisa dito upang lubhang malinaw namaunawaanang mensaheng gustong iparating ng tula.

E. **Bilang pangkaisipan**

1. **Bisa sa Isip**

Mapapaisip talaga na mahalaga nga ang pagibig ay dapat nating ingatan at dapatnatin itong pahalagahan dahil maaringmaglaho ito anumang oras. Kaya dapat hindinatin sayangin ang pagmamahal na ibinibigaysa atin.

2. **Bisa sa Damdamin**

Makikita sa tulang ito ang kalungkutansa wakas dahil sa kabila ng kasiyahan at tamisng kanilang pagmamahalan nila ay sa huli aynaglaho ito. Ipinapakita dito na ang pag-ibigay hindi palaging nandyan o angnararamdamdaman ng tao sa isang tao ay naglalaho din.

3. **Bisa sa Kaasalan**

Sa pagmamahalan kailangan maging matatag sa pagharap sa mga pagsubok namaaaring magpatumba sa pagmamahalandahil sa buhay hindi puro ginhawa lamang,
nariyan ang hirap, sakripisyo at pasakit nasusukat sa tibay ng relasyon. Pahalagahan atingatan ito upang sa ikakatagal ng relasyon.

F. **Pagpapahalaga ayon sa nilalaman:**

1. **Kalagayang sosyal –** Sa tulang ito'y mayroong napakaloob ang hindi na pantay na pagtingin sa mga kababaihan, at ang reyalidad na karamihan sa panahon ngayon ay pakikipagtalik na lamang ang pakay sa kakabihan.
2. **Kulturang Filipino –** Kultura na saating mga Pilipino ang magkaroon ng respeto at pagmamahal sa ating mga kababaihan lalo na sa mga ating sinisinta.

**(Nobela)**

**I.**

**A. Pamagat:**

El Filibusterismo

**Ang May Akda:**

Dr. Jose P. Rizal

Si Dr. Jose Protacio Rizal ay ang Pambansang Bayani ng Pilipinas. Siya ay isinilang sa Calamba, Laguna noong Hunyo 19, 1861. Ang kanyang mga magulang ay sina G. Francisco Mercado at Gng. Teodora Alonzo. Ang kanyang ina ang naging unang guro niya, maaga siyang nagsimula ng pag-aaral sa bahay at ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral sa Biñan, Laguna. Nakapag tapos siya ng Batsilyer sa Agham sa Ateneo de Manila noong Marso 23, 1876 na may mataas na karangalan. Noong 1877 ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral sa Unibersidad ng Santos Tomas at Unibersidad Central de Madrid hanggang sa matapos niya ng sabay ang medisina at pilosopia noong 1885. Natuto rin siyang bumasa at sumulat ng iba't ibang wika kabilang na ang Latin at Greko. At nakapagtapos siya ng kanyang masteral sa Paris at Heidelberg. Ang kanyang dalawang nobela "Noli Me Tangere" at "El Filibusterismo." naglalahad ng mga pang-aabuso ng mga prayle sa mga Pilipino at mga katiwalian sa pamahalaan ng Kastila. Noong Hunyo 18, 1892 ay umuwi ng Pilipinas si Dr. Jose P. Rizal. Nagtatag siya ng samahan tinawag ito na "La Liga Filipina." Ang layunin ng samahan ay ang pagkakaisa ng mga Pilipino at maitaguyod ang pag-unlad ng komersiyo, industriya at agricultura. Noong Hulyo 6, 1892 siya ay nakulong siya sa Fort Santiago at ipinatapon sa Dapitan noong Hulyo 14, 1892. Apat na taon siya namalagi sa Dapitan kung saan nanggamot siya sa mga maysakit at hinikayat niya ang mamamayan na magbukas ng paaralan, hinikayat din niya ang ito sa pagpapaunlad ng kanilang kapaligaran. Noong Setyembre 3, 1896 habang papunta siya sa Cuba upang magsilbi bilang siruhano at inaresto siya. Noong Nobyembre 3, 1896 ibinalik sa Pilipinas at sa pangalawang pagkakataon nakulong siya sa Fort Santiago. Noong Disyembre 26, 1896 si Dr. Jose Rizal ay nahatulan ng kamatayan sa dahilang nagpagbintangan siya na nagpasimula ng rebelyon laban sa mga Kastila. Bago dumating ang kanyang katapusan naisulat niya ang "Mi Ultimo Adios" (Ang Huling Paalam) upang magmulat sa mga susunod pang henerasyon na maging makabayan. Noong Disyembre 30, 1896, binaril si Dr. Jose P. Rizal sa Bagumbayan (na ngayon ay Luneta).

**B. Sanggunian**

El filibusterismo/The Reign of Greed ni Jose Rizal, salin ni Charles Derbyshire, Project Gutenberg, Gutenberg.org

**II.**

**A. Tauhan**

**1.Simoun**
Ang mapagpanggap na mag-aalahas na nakasalaming may kulay
**2. Isagani**
Ang makatang kasintahan ni Paulita
**3. Basilio**
Ang mag-aaral ng medisina at kasintahan ni Juli
**4. Kabesang Tales**
Ang naghahangad ng karapatan sa pagmamay- ari ng lupang sinasaka na inaangkin ng mga prayle
**5. Tandang Selo**
Ama ni Kabesang Tales na nabaril ng kanyang sariling apo
**6. Ginoong Pasta**
Ang tagapayo ng mga prayle sa mga suliraning legal
**7. Ben-zayb**
Ang mamamahayag sa pahayagan
**8. Placido Penitente**
Ang mag-aaral na nawalan ng ganang mag-aral sanhi ng suliraning pampaaralan
**9. Padre Camorra**
Ang mukhang artilyerong pari
**10. Padre Fernandez**
Ang paring Dominikong may malayang paninindigan
**11. Padre Florentino**
Ang amain ni Isagani
**12. Don Custodio**
Ang kilala sa tawag na Buena Tinta
**13. Padre Irene**
Ang kaanib ng mga kabataan sa pagtatatag ng Akademya ng Wikang Kastila
**14. Juanito Pelaez**
Ang mag-aaral na kinagigiliwan ng mga propesor; nabibilang sa kilalang angkang may dugong Kastila
**15. Makaraig**
Ang mayamang mag-aaral na masigasig na nakikipaglaban para sa pagtatatag ng Akademya ng Wikang Kastila ngunit biglang nawala sa oras ng kagipitan.
**16. Sandoval**
Ang kawaning Kastila na sang-ayon o panig sa ipinaglalaban ng magaaral.
**17. Donya Victorina**
Ang mapagpanggap na isang Europea ngunit isa namang Pilipina; tiyahin ni Paulita

**18. Paulita Gomez**
Kasintahan ni Isagani ngunit nagpakasal kay Juanito Pelaez
**19. Quiroga**
Isang mangangalakal na Intsik na nais magkaroon ng konsulado sa Pilipinas
**20. Juli**
Anak ni Kabesang Tales at katipan naman ni Basilio
**21. Hermana Bali**
Naghimok kay Juli upang humingi ng tulong kay Padre Camorra
**22. Hermana Penchang**
Ang mayaman at madasaling babae na pinaglilingkuran ni Juli
**23. Ginoong Leeds**
Ang misteryosong Amerikanong nagtatanghal sa perya
**24. Imuthis**
Ang mahiwagang ulo sa palabas ni G. Leeds

**25.Pepay** - ang mananayaw na sinasabing matalik na kaibigan daw ni Don Custodio.
**26. Camaroncocido** - isang espanyol na ikinahihiya ng kanyang mga kalahi dahil sa kanyang panlabas na anyo.
**27. Tiyo Kiko** - matalik na kaibigan ni Camaroncocido.
**28. Gertrude** - mang-aawit sa palabas.
**29. Paciano Gomez** - kapatid ni Paulita.
**30. Don Tiburcio** - asawa ni Donya Victorina.

**B. Tagpuan**

UNANG TAGPO

Tagpuan: Sa isang bapor na nagngangalang Tabo. Kakikitaan ang bapor ng iba't ibang uri ng tao. May mayayaman, mahihirap, kawani ng pamahalaan at iba pa.ang bapor ay patungong Laguna mula Maynila. Ilan sa mga lulan ng bapor ay anng mga prayle/reverendos, si Isagani, ang mamamahayag na si Ben Zayb, si Donya Victorina, isang mag-aalahas na nagngangalang Simoun, at si Basilio. Sa ilalim ng kubyerta ng bapor makikitang naguusap si Isagani, Basilio at Kapitan Basilio.

Tagpuan: Bisperas ng Pasko ngunit si Basilio ay lulan ng isang kalesa patungo sa bahay ni Kapitan Tiago sa bayan ng San Diego. Inabutan nila sa daanan ang prusisyon ng iba't ibang santo. Si Kapitan Tiago ang tumulong kay Basilio upang makapagaral ng medisina. Sa tuwing uuwi sa Basilio sa San Diego, lagi niyang binibisita ang libingan ng kanyang ina. Ngunit isang gabi, isang di inaasahang sikreto anng nalaman ni Basilio.

IKATLONG TAGPO

Tagpuan: Sa bahay ni Macaraig nagtipon-tipon ang mga estudyanteng kasama sa grupo na naghahangad mapatayo ang Akademya ng Wikang Kastila. Ilan sa mga ito ay si Sandoval, ang estudyanteng mahilig manalumpati, si Isagani, ang makata, si Pecson, na puro pag-aalinlangan, at si Pelaez,ang anak ng isang Kastilang mangangalakal. Hinihintay na lamang nila ang pagdating ni Macaraig upang ibalita sa kanila ang tungkol sa akademya. Nag-uusap ang mga

mag-aaral kung sa palagay ba nila ay papayagan ng mga prayle ang kanilang mga mungkahi. Tanging si Pecson lamang ang nag-iisip ng negatibo sa grupo. Nasa gitna ng paguusap anng mga mag-aaral ng dumating si Macaraig dala ang isang magandang balita.

IKAAPAT NA TAGPO

Tagpuan: Nagpakitang muli si Simoun kay Basilio upang anyayahan itong sumama sa binabalak nitong paghihimagsik.

IKALIMANG TAGPO

Tagpuan: Sa isnag pansiterya na nagngangalang Pansiteria Macanista de Buen Gusto. Ang mga estudyante ay nagtipon-tipon dahil sa pare-pareho silang masasama ang loob pagkat sila'y nabigo sa kanilang panukala ukol sa pagtatatag ng Akademya ng Wikang Kastila.

IKA-ANIM NA TAGPO

Tagpuan: Maagang gumising si Basilio upang dalawin ang mga pasyente niya sa ospital at upang asikasuhin ang mga papeles na kanyang kakailanagnin sa kanyang pagtatapos sa Unibersidad. Pinaplano niyang lapitan si Macaraig upang humiram ng kaunting halaga na kanyang gagamitin sa kanyang pagtatapos. Ang lahat kasi ng kanyang naipon ay nagugol niya sa pagtubos kay Huli at sa kanilang titirhan ng kanyang lolo, si Tandang Selo. Naglalakad si Basilio patungong unibersidad.

IKA-PITONG TAGPO

Tagpuan: Tuluyang nakulong ang mga estudyante na kasapi sa grupong naghahangad na matatag ang Akademya ng Wikang Kastila, ngunit nakalaya din dahil sa nalakad ang mga kaukulang papel maliban kay Basilio, dahil walang maglalakad ng kanyang papel dahil si Kapitan Tiago ay namayapa na. karamihan sa mga estudyante ay hindi pumasa sa eng serbisyo sibil. Si tadeo naman ay tuwang-tuwa dahil sinunog ang lahat nang mga aklat at sila ay pinauwi para sa isang mahabang bakasyon. Si Juanito naman ay tinuruan na lamang ng kanyang ama kung paano mangalakal. Si Macaraig naman ay nagtungo ng Europa. Si Isagani ay nakapasa sa asignaturang pangmadlang pagpapahayag ngunit bagsak sa iba. Dinaan namn ni Sandoval sa pagtatalumpati kung kaya siya ay nakapasa. Sinubukan ni Huli, ang kasintahan ni Basilio na pakiusapan si Padre Camorra na palayain ang kanyang kasintahan ngunit ito pa ang nagging dahilan ng kanyang kamatayan. Hindi rin nagtagal ay pinasya ni Paulita, ang maganda at mayamang kasintahan ni Isagani, na magpakasal. Ngunit hindi sa binata kundi kay Juanito Pelaez. Buwna na ng Abril at laganap na ang balitang kasalan. Si Simoun naman ay nais nagdaos ng isang piging dahil siya ay lilipad na pabalik ng Espanya.

IKA-WALONG TAGPO

Tagpuan: Alas-siyete na ng gabi. Nagsimula nang dagsain ng mga panauhin ang bahay ni Kapitan Tiago, na pagdadausan ng kasal nila Paulita at Juanito. Ang pagdating  ng Kapitan Heneral na lamang ang hinihintay upang magsimula ang pista. Sa harap ng bahay ay naroon si Basilio at nagmamasid.

IKA-SIYAM NA TAGPO

Tagpuan: Napagalaman ng lahat na si Simoun ang may kagagawan ng lahat. Hinalughog ang kanyang bahay at nakita dito ang ilang armas at bulbura. Pinaghahanap na siya ng mga sibil.

Ayaw niyang magpahuli ng buhay kaya uminom siya ng lason at nagtungo kay Padre Florentino upang mangumpisal.

## C. Talasalitaan

- **Nangangalisag –** paninindig ng balahibo
- **Nakaulinig –** nakarinig
- **Simboryo –** kampanaryo
- **Taluktok –** tuktok
- **Uugoy-ugoy –** gagalaw-galaw

## D. Buod

Isang binatang Pilipino ang umuwi sa Pilipinas matapos ang pag-aaral sa Europa ng pitong taon, ang binatang ito ay walang iba kundi si Juan Crisostomo Ibarra.
Sa kanyang pagbabalik ay naghandog si kapitan Tiago ng isang hapunan. Habang nagaganap ang piging na ito ay makalawang hinamak siya ng isang prayleng pransiskano na dati nang naging kura ng San Diego at dating kaibigan ng kanyang ama. Siya ay walang iba kundi si Padre Damaso.
Humingi ng paumanhin si Ibarra at lumisan sa kadahilanang siya ay may mahalaga pang pupuntahan.
Si Maria Clara na katipan ni Crisostomo Ibarra ay isang kaakit-akit na binibini. Para kay Ibarra si Maria Clara ay sumasagisag sa Inang Pilipinas. Ang binibining ito ay anak sa turing ng isa sa mayayaman sa Binundok at makapangyarihan kung ituturing , si kapitan Tiago.
Kinabukasan, matapos maidaos ang hapunang yaon ay dinalaw ni Crisostomo Ibarra ay kanyang iniibig na si Maria Clara. Sa kanilang pagkikita ay sinasariwa nila ang mga ala-ala ng kanilang kamusmusan at ang tunay na pagmamahalan nila kahit sila ay paslit pa lamang. Inilabas ni Ibarra ang tuyong dahon ng sambong na nababalot sa isang papel na may sentimental na halaga. Ang sulat naman na ibinigay ni Ibarra kay Maria Clara bago niya lisanin ang Pilipinas ay binasa ng dalaga.
Bago umuwi si Crisostomo Ibarra ay nailahad ni Tenyente Guevara ang sinapit ng kanyang ama na isang taon nang namayapa. Sinabi niya na nangyari ang lahat ng ito matapos ipagtanggol ang isang bata sa isang kubrador na aksidenteng nabagok ang ulo kaya namatay. Umabot ang kaso sa hukuman at nagsilabasan ang kaaway ni don Rafael Ibarra. Nang malulutas na ang kaso ay siya namang namatay si don Rafael sa loob ng hukuman. Hindi pa nagpaawat si Padre Damaso. Ipinahukay niya ang bangkay ni don Rafael at ipapalipat sana sa libingan ng mga intsik ngunit dahil sa umuulan ng panahong iyon ay tinapon na lamang sa ilog ng bay.
Kaysa maghiganti, si Crisostomo ay ipinagpatuloy ang nasimulan ng kanyang ama. Isinagawa niya ang panukala ng ama tungkol sa pagsusulong ng pagtuturo. Nagpatayo siya ng paaralan sa tulong ni Nol Juan.
Noong babasbasan na ang paaralan ay may batong muntikan nang ikamatay ni Ibarra. Mabuti na lamang at siya ay iniligtas ni Elias. Sa halip na si Ibarra ang mamatay ay ang taong binayaran ng lihim na kaaway niya ang nasawi.
Muli siyang hinamak ni Padre Damaso. Hindi na napigilan ni Ibarra ang sarili at sasaksakin na niya ang pari ng kutsilyo ngunit siya ay napigilan ni Maria Clara.

Dahil sa pangyayaring iyon ay itiniwalag si Ibarra ng Arsobispo sa Simbahang Katoliko.Ang sitwasyon ay sinamantala ni Padre Damaso. Iniutos niya kay Kapitan Tiago na hindi ituloy ang kasal ni Maria Clara at Ibarra. Sa halip ay ipakasal si Maria Clara kay Linares na isang binatang kadadating pa lang sa Pilipinas.

Napawalang-bisa ang pagiging eskomulgado ni Ibarra at tinanggap muli siya sa simbahan ngunit sa di-inaasahang pagkakataon ay hinuli at ikinulong dahil naparatangan siya na nanguna sa pagsalakay sa kuwartel.

Sa naganap na paglilitis ay napawalang-bisa ang bintang kay Ibarra ngunit sinundan muli ito ng panganyaya dahil sa liham na sinulat niya kay Maria Clara. Kahit walang kaugnayan ito sa kaso ay ginamit ito ng may kapangyarihan upang hamakin ang binata.

Habang ginaganap ang hapunan para sa kasal ni Linares at Maria Clara ay nakatakas si Ibarra sa tulong ni Elias.

Bago tuluyang lumisan ay hiniling muna ni Ibarra na makausap si Maria Clara. Sinumbat niya ang sulat na ginamit sa hukuman ngunit mariin itong itinanggi ni Maria Clara. Sinabi niya na inagaw mula sa kanya ang liham. Kapalit nito ang liham mula sa kanyang ina na nagsasaad na ang tunay niyang ama ay si Padre Damaso. Sinabi pa niya na kaya siya magpapakasal kay Linares ay para sa dangal ng ina, ngunit ang pagmamahal niya para kay Ibarra ay di lilipas at mawawala magpakailanman.

Tinulungan siya ni Elias sa pagtakas ngunit naabutan sila ng palwa ng sibil.Sa pamamagitan ni Elias ay nailigaw niya ang mga tumutugis at nakatakas si Ibarra. Nang makalundag si Elias sa tubig ay pinagbabaril siya.

Sa pagkalat ng balita sa pahayagan na namatay si Ibarra , si Maria Clara ay lubos na namighati. Nakiusap siya na pumasok sa kumbento upang magmongha at walang magawa si padre Damaso dahil kung hindi ito papayag ay magpapatiwakal ang dalaga.

Ang balitang kumalat ay walang katotohanan sapagkat si Crisostomo ay nakaligtas sa tulong ni Elias.

Si Elias na sugatan at halos naghihingalo na ay nakarating sa gubat ng mga Ibarra. Bago siya tuluyang pumanaw ay humarap siya sa Silanganan at nagwika na kung hindi man niya makita ang bukang-liwayway sa sariling bayan, ang makakakita ay batiin ito at huwag kakalimutan ang mga nabulid sa dilim ng gabi at iyon ang huling mga salitang lumabas sa kanyang bibig.

## E. Gintong Aral/Kaisipan

Hindi natin dapat sisihin ang Diyos kung di man tayo nagtagumpay sa ating nais gawin o ating ginawa dahil ito’y may dahilan kung bakit niya pinahintulutang mangyari ang bagay na ganon at hindi rin natin dapat gamitin ang pangalan ng Diyos para sa ating sariling kapakanan at kasiyahan bagkus atin itong igalang. At isabuhay at gawin natin ang aral ng Diyos na “huwag gawan ng masama ang masama” tulad ng ginawa ni Crisostomo Ibarra o Simoun dahil walang madudulot na kabutihan ang paghihiganti, matuto tayong magpatawad dahil nandyan ang Diyos na makatarungan.

## III. Pagsusuri

### A. Istilo ng Paglalahad.

a. Paglalantad sa Likod ng Pagtatago

Isa sa nagiging tatak ng isang masining na akda ay ang pagkapanitikan nito na makikita sa angkop na pamimili ng mga salita at kakayahan ng manunulat na humabi ng mga salitang punung-puno ng kahulugan.
Mula sa Kabanatang " Isang Bangkay", " Ang Mitsa", " Mga Ayos-Maynila".

b. Pakikipagkapwa-teksto
Kung babasahin ang dalawang nobela, mapapansing ito ay may pagkakatulad. Maaring sa banghay, sa tauhan, paniniwala sa mensahe, o sa tunggalian at iba pa. Ito ay patunay lamang na ang akda ay nakikipagkapwa-teksto.
May pagkakahawig ang nobelang La Loba Negra ni Padre Jose Burgos at El Filibusterismo ni Dr. Jose Rizal. May ilang kaalamang nakapaloob sa naunang nobela na makikita sa ikawala t sa ganitong sitwasyon, ang El Filibusterismo ni Dr. Jose Rizal ay nakikipagkapwa-teksto sa akda ni Padre Burgos.

c. Paggamit ng makabuluhang tagpuan
May nais sabihin ang isang nobelista sa kanyang nobela. At sa pagsasabi niya ng katotohanan nagigin mahalagang sangkap ang paggamit ng mg angkop na tagpuan. Mga tagpuang aakay sa mga mambabasa na madama ang nais ipahiwatig ng akda.
Maraming nais sabihin ni Dr. Jose Rizal sa nobelang ito at nasabi niya iyon nang buong linaw sa pamamagitan ng angkop na mga tagpuan. Ito ang isang magandang istilo ng manunulat na nakapaloob sa akda ni Rizal.
Mula sa Kabanatang " sa Kubyerta"

d. Paglalahad ng mga karunungan
May nais sabihin ang isang nobelista s kanyang akda. Ito ay maaaring paglalantad ng isang istema o pagpapahayag ng nais na mangyari. Mayaman ang El Filibusterismo ni Rizal sa mga karunungang nagsasaad ng katotohanang kalagayan ng kanyang panahon at ang panahon sa kasalukuyan. Ang kanyang mga pahayag tungkol sa pamahalaan, edukasyon, lipunan, teknolohiya, wika at iba pa ay pahayag ng katotohanan.

### B. Panahong Kinabibilangan (Ipaliwanag)

Ang panahon na kinabibilangan ng nobelang El Filibusterismo ay ang ating kasalukuyang panahon sa ngayon kung saan ang mga tao sa panahon natin sa ngayon ay maghihiganti laban sa kanilang kasamaan ng loob/kaaway, sa halip na gumawa ng paraan upang masolusyunan at maayos ang problema, ito ay palalakihin at gagatungan pa nila.

### C. Tayutay/kawikaan (Ipaliwanag)

" ... Ang karunungan ay para sa tao, ngunit huwag mong lilimuting iya'y natatamo ng mga may puso lamang." **- Gurong Pari (kab. 8)**

"May mga lalong dakilang bagay na dapat mong isipin- ang hinaharap ay mabubuksan pa lamang para sa iyo, sa akin ay ipipinid na;... ang dugo ng kabataan na kumukulo sa iyong mga ugat ay sing-init ng araw, sa akin nama'y halos sinlamig ng hukay." **-Don Rafael (kab. 7)**

"Ginto ang sinadya ng mga banyaga sa iyong bayan kaya't ikaw ay pumunta rin sa kanilang bayan upang tumuklas din ng ginto. GAyon man, unawain mong hindi lahat ng kumikinang ay ginto." **- Gurong Pari (Kab. 8)**

"Sadyang kailangan tayong kalabanin at gisingin upang malantad ang ating mga kasamaan at kahinaan, sa ganito'y lalo tayong mapapabuti." **- Matandang Pari (Kab. 9)**

"Dapat bigyang dangal ang isang mabuting tao habang buhay pa kaysa kung patay na." Pilosopo Tasyo **(Kab. 14)**

"Walang mapapala ang anak ng mga magbubukid sa paaralan, kung bumabasa, sumusulat at nagsasaulo sila ng mga bagay sa wikang Kastila na hindi naman nila nauunawaan." **- Guro (kab. 19)**

"Ang bayan po'y di dumaraing dahil siya'y pipi, di tumitinang dahil natutulog. Subali't darating ang panahong malalantad ito sa inyo atmapapakinggan ang kanyang mga panaghoy. Pagsapit ng araw na ito,... sasambulat sa lahat ng dako ang mga naipongluha; himutok at buntong-hiningang matagal na panahong kinimkim sa puso ng bayan." - **Pilosopo Tasyo (kab. 25)**

"Tingnan mo ang mahinang tangkay na iyan. Siya'y yumuyuko kapag umiihip ang hangin na parang ikinakanlong ang sarili. Sapagkat kung siya'y magpapakatigas sa tayo, mababakli siya at malalagas ang kanyang mga talulot. Kaya pararaanin niya ang hangin sika siya muling tutuwid na taglay ang kanyang mga talulot. **" - Pilosopo Tasyo (Kab. 25)**

"Lahat po tayo ay may kalaban, mula sa pinakamaliit na kulisap hanggang sa taong may muwang, mula sa pinakahamak hanggang sa pinakamariwasa at pinkamakapangyarihan. Ang pakikipaglaban ay siyang batas ng buhay. " **- Elias (lab. 33)**

"Mahal ko ang aking bayan pagkat utang ko rito at magiging utang pa ang aking kaligayahan." **- Ibarra (kab. 49)**

"Tunay pong hindi ako maaaring umibig ni lumigaya sa sariling bayan ngunit nakahanda akong magtiis at mamatay rito. Hangad ko na ang lahat ng Inang Bayan ay maging kasawian ko rin." **- Elias (kab. 61)**

"Ako'y mamamatay na hindi man lamang nakita ang maningning na pagbubukang liwayway sa aking bayan. Kayong makakakita, batiin ninyo siya at huwag kalilimutan ang mga nalugmok sa dilim ng gabi." **- Elias (kab. 63)**

**D. Galaw ng Pangyayari (Puna)**

a. SIMULA: KABANATA 7: “SI SIMOUN” – “Walang lihim ang hindi nabubunyag”

Malapit sa puntod na pinanggalingan ni Basilio may nakita siyang di kakilalang lalaki sa malayo at yun ay si Simoun. Naghuhukay ang alahero, walang suot na salaming asul kaya naman nagbago ang anyo nito. Kinilabutan si Basilio dahil alam niyang ito rin ang di kilalang lalaki na humukay ng paglilibingan ng kanyang ina labintatlong taon na ang nakalipas, higit na matanda nga lamang ngayon, may puti na ang buhok, maybigote at balbas ngunit iyon parin ang mga mata nito at ang mapanglaw na mukha. Naisip niya na samakatuwid na ang namatay o naglaho na tagapagmana ng lupaing ito ay walang iba kundi ang alaherong si Simoun—napagtagpi-tagpi na ni Basilio na si Simoun nga si Crisostomo Ibarra.
Nilapitan niya ito at tinanong kung may matutulong siya. Sa pagkagitla ni Simoun, tinanong niya si basilio kung alam ba niya kung sino siya at sumagot si Basilio na isa raw siya sa mga taong itinuturing niyang banal sapagkat 13 years ago tumulong ito sa kanya sa paglilibing ng kanyang ina. Sumagot si Simoun na taglay ni Basilio ang lihim na maaaring makasira sa kanyang mga balak.

b. TUMITINDING GALAW:KABANATA 19: “ANG PAGLISAN” “ang lumakad ng matulin kung matinik ay malalim”

Nakikipag-usap si Kabesang Andang kay Placido at nagmamaka awa na bumalik ito sa unibersidad.
- Yung dating Maestro na sinuspindi ay naging taga gawa ng pulbura
-Sinabi na ni Simoun ang mga plano niya kay Placido at ang hudyat na unang putok ng kanyon. Umalis si Placido na sigurado na sa kanyang pagsali sa rebolusyon.

c. TUNGGALIAN

**Tunggaliang Tao sa Sarili**

Dito ipinakikita ang maigting a paglalabang pangkatauhan. Nilalabanan ang kanyang sarili.Lutang na lutang ito sa isang tagpo sa kabantang "Ang Kadayaan." Si Padre Salvi ay halos mawalan ng ulirat sa takot habang nanonood ng palabas na may kinalaman sa buhay ng isang ulong pugot. Sa paglalabanang sarili, ang umiiral ay ang kosensya ng tao. Umiiral din ito sa kanyang mga pagpapasiya.
Kabanata 18"Ang Kadayaan"

**Tunggaliang Tao sa Lipunan**

Ipinakita rito ang maigting na pakikibaka ng tauhan sa mga kasawiang dulot ng lipunang kanyang kinabibilangan. Ang tao ay bahagi ng isang lipunan. Ang kabukulan ng lipunan ay

nagdudulot ng kasawian sa buhay ng isang taong kaanib nito. Isa sa biktima ng kalakarang panlipunan ay si Kabesang Tales. Isang marangal at matalinong mamamayan na napilitang maging tulisan dala nga kasawiang dulot ng lipunan.
Kabanata 4 " Kabesang Tales"

**Tunggaliang Tao sa Tao**

Ipinakikita rin dito ang kasiphayuan ng isang tao dulot ng kanyang kapwa. Lutang na lutang sa nobelang ito ang ganitong sitwasyon. Isinasakripisyo ng bawat isa ang damdamin ng kanyang kapwa maisagawa lamang niya ang nais niya. Ito ay naganap sa "Klase sa Pisika", ang panlalait na ginawa ni Pari Millon, isang propesor na Kastila kay Placido Penitente, isang mag-aaral na katutubo.
kabanata 13 "Klase sa Pisika"

d.KASUKDULAN:KABANATA 35: “ANG PIGING”- Binubulag ng pag-ibig ang isang tao

Nasa harap ng bahay ni Kapitan Tiago si Basilio, minamasdan ang mga taong pumapasok sa pagdiriwang, nagdalawang isip siya dahil sa dami ng madadamay na mga inosenteng buhay. Nakita niyang bumaba sa karwahe si Padre Salvi at Padre Irene, at naisip niya na pabayaang magbayad ang mga mabuti kasama ang mga makasalanan. Dumating si Simoun na hawak ang lampara, na sadyang napakaganda at kaayaaya, sumond dito ang pagdating ng Kapitan Heneral. Naawa ulit si Basilio at tinangkang pumasok sa bahay ngunit hindi siya pinapasok,dahil sa napakaaba ng kanyang bihis. Pinigilan siya at binalaan na tatawagin ang isang pares ng beterana, pag pinagpilitan niya pang pumasok sa pagdiriwang. Malugod na tinanggap an lampara na hawak ni Simoun, lahat ay manangha at pinuri ang lampara. Nasunod sa plano ito ay nilagay sa gitna ng mesa na pinsadya ni Simoun. Hinay-hinay na umalis si Simoun na hindi na napansin ng mga tao sa loob dahil sa pagkamangha sa lampara. Makaraan ang ilang minuto lumabas si Simoun na bahagyang namumutla. Parang tinutukoy nito na wala na itong magagawa dahil “tapos na ang pagtaya” o :”Alea Jecta Est”. Sa pagsakay niya sa karwahe ay sinabi niya na bilisan ang pagpunta sa Escolta. Dahil doon naisip ni Basilio ang kanyang kaligtasan, naglakad-takbo papalayo si Basilio sa bahay, nababangga ang sino mang makasalubong sa daan. Bigal siyang nabunggo kay Isagani at itoy niyaya niya papalayo sa bahay. Sinagot naman siya ni Isagani na bakit daw ito aalis, pag pinatagal niya mag-iiba na si Paulita bukas. Sinabi ni Basilio na may malaking sakuna ang darating, mamaya niya ikukuwento ang detalye, ang importante ay mapalayo sila sa bahay ni Kapitan Tiago. Pero pinagpilitan pa rin ni Isagani ang tumuloy sa pagdiriwang. Mabilis na umalis at naglakad papalayo si Basilio.

e. KAKALASAN:KABANATA 35: “ANG PIGING”
Matapos nun, at napaisip si Isagani at napagtagpi-tagpi ang, mga sinabi ni Basilio. Nawala sa isip niya ang pag-aalinlangan, at selos, at tanging nasa isip niya ay ang maisalba ang buhay ng kanyang minamahal, si Paulita.
Sa loob pala ng pagdiriwang ay may isang papel ang pinasapasa na may nakasulat na “Mane thecel phares” at sa ilalim nito ang pangalan at lagda ng isang nagngangalang Juan Crisostomo Ibarra. Nagtanong ang Kapitan Heneral kung sino ito, at sinagot naman siya na ito nga ay matagal ng patay, isang pilibustero. Nagpatuloy ang kasiyahan. Napaisip si Don Custodio sa

mensahe ng sulat, kamatayan ng lahat sa gabing ito? Bigla niyang nabitawan ang kanyang hawak na kubyertas, baka sila ay lalasunin sa pagkain.
Namatay ang ilaw ng lampara, nagkagulo at inutos ng Kapitan Heneral na itaas ang mitsa uoang magkailaw ulit. Ngunit biglang may taong kumuha sa lampara at dalian itong tumalon palabas ng bahay patungong ilog. Nagsigawan ang mga nakakita, at nagkagulo ulit dahil may magnanakaw daw! Hindi na nila ito nakilala dahil dalian itong tumalon sa ilog.

f. WAKAS:KABANATA 39: KATAPUSAN Ang nagtatanim ng hangin, bagyo ang aanihin
Sa katapusan makikita natin na inamin ni Simoun na sya ay nagkamali subalit pinanindigan pa din na dapat makamtam ng mga Pilipino ang kalayaan sa mapagparusang kamay ng mga Kastila. At hindi pinahintulot na sya ay mahuli ng buhay mas ninais pa niyang mamatay na lamang. Ipinakita din ang pagkakaiba ng kanilang pananaw ukol sa paghihiganti, Diyos, at sa mga paraan Nito. Nakita din natin ang kabutihan ng isangn paring indiyo at ang kasawian at katapusan ni Ibarra na nagpanggap na si Simoun.

**E. Bisang Pangkaisipan**

1. Bisa sa Isip – Ang kaisipan ng nobelang ito ay dapat na hindi huwag tayong gumawa ng masama sa ating kapwa nang sa gayon ay hindi rin nila tayo gawan ng masama. Gawin natin sa iba ang gusto nating gawin sa atin.
2. Bisa sa Damdamin – Makikita natin sa nobelang ito na nakakalungkot malaman na kapwa Pilipino noon ay nagpapatayan/gumagawa ng paraan para makapaghiganti, kaya kahit na sa panahon natin sa ngayon ay ganito rin ang nangyayari kaya naman, masakit isipin na parang wala ng pag-asa ang mga tao sa ngayon na magkaayos-ayos.
3. Bisa sa Lipunan – Makikita sa kwento na ito na dapat ay maging mabuti tayong ehemplo sa ating lipunan, gumawa tayo ng mabuti sa ating kapwa.

**E. Pagpapahalaga ayon sa nilalaman**

1. Kalagayang Sosyal -Sa lipunan ng El Fili, makikita natin na ang diskriminasyon ay madalas na nangyayari. Katulad ng kutsero, ilang mga Indio ay natatakot sa mga gwardya sibil. Sa ating lipunan ngayon, marami pa ring mga kaso kung saan nadidiskriminate ang mga iba't-ibang lahi. Ang mga mayaman ay ayaw magtulong sa mga mahihirap. Hindi dapat ganito tayo. Lahat tayo ay tao, mahirap man o mayaman o kahit anumang lahi, lahat tayo ay pantay lang. Dahil dito, lahat tayo ay dapat magtulungan para mas maganda ang lipunan nating tinitirahan.
2. Kulturang Filipino - Ang epekto nito sa imahe ng bansa ay nakakadulot ng posititbong motibasyon lalo na sa mga kapwa Pilipino na nasa ibang bansa. Dapat isapuso at isaisip na mahalaga ang pagiging malaya mula sa kaisipang kolonyal. Na siya namang nakapagpakulong sa atin ng matagal na marahil na rin siguro ito ng mahabang taon na pagkakasakop sa atin ng mga dayuhan ng halos isandaang taon.

**(Maikling kwento)**

**I.** a. **Pamagat:** "Sa Lupa Ng Sariling Bayan"
**May-akda** - Rogelio Sikat

Kilala siya bilang isang Pilipinong piksyonista, mandudula, Tagasalinwika, at tagapagturo. Siya ay nagtapos na may Batsilyer ng Panitikan sa Pamamahayag mula sa Pamantasan ng Santo Tomas at isang MA sa Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas.

Si Rogelio Sikat ay nakatanggap ng maraming pampanitikang premyo. Siya ay tanyag dahil sa "Moses, Moses", ang kanyang dula na nagwagi ng gantimpalang Palanca noong 1962 sa Filipino (Tagalog). Marami sa kanyang mga istorya ang unang lumabas sa Liwayway, isang sikat na magasing pampanitikan na nasa wikang Tagalog. Ang nangyaring pagpapahalaga kay Sikat sa kanyang nagawa ay nakalahad sa "Living and Dying as a Writer" na isinulat ni Lilia Quindoza-Santiago. Lumitaw ang artikulo sa Pen & Ink III.

Isa rin siyang propesor at dekano ng Kolehiyo ng mga Sining at mga Titik sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman mula 1991 hanggang 1994. Si Angelito Tiongson, na isang propesor sa Kolehiyon ng Komunikasyong Pangmasa sa U.P. ay gumawa ng isang tampok na pelikula pinamagatang "Munting Lupa" batay sa "Tata Selo" na isa pang nagantimpalaang kuwento. Lumikha naman ang direktor ng pelikula at teatro na si Aureaus Solito ng isang maikling pelikula noong 1999 na batay sa "Impeng Negro" na likha rin niya noong 1998, bagaman sumakabilang-buhay na siya, pinarangalan siya ng Manila Critics Circle ng isang National Book Award para sa pagsasalinwika.

b. **Sanggunian** - Malikhaing Pagsulat: Paglinang ng S Tungo sa Maunlad na Haraya

**II.**

**a. Tauhan**

**Layo** -tawag din sa kanaya ay Atty. Pedro Enriquez
- Naulila ng maaga sa magulang at inampon ng kanyang malupit at kuripot na Amain na kapatid ng kanyang Ama.

**Ising -** Isang modista at asawa ni Layo

**Tata Indo -** malupit na amaing nag-ampon kay Layo

**Tiyo Julio -** natatanging kamag-anak ni Layo na naging malapit sa kanya

**Ben -** anak ni Tiyo Julio na kasama sa pagdalaw kay Layo

**Gallego -** Pinaka mayaman sa San Roque at nagmamay -ari ng isang poultry farm

**b. Tagpuan**

Ang kwento ay nangyari sa San Roque at Maynila kung saan nagtapos ng abogasya si Layo.

**c. Talasalitaan**

- **Naulila –** Nawalan ng magulang
- **Pagmamalupit-** Sinaktan, Minamaltrato
- **Amain –** Tumatayong bilang ama
- **Tanyag** – Kilala
- **Paghahangad** - Kahilingan

**d. Buod**

Bata pa lamang ay naulila na si Layo sa magulang. Kaya't inampon ito ng kanyang tiyuhin na si Tata Indo. Lahat ng pagmamalupit ay naranasan niya sa kamay ng kanyang Amain. Kaya't siya'y nagsumikap na abutin ang kanyang pangarap. Naging manunulat siya sa isang pahayagan sa kanilang bayan at sa gabi naman ay nag aaral siya. Hanggang sa makatapos siya ng pag aaral at naging topnotcher. At naging isang tanyang na abugado sa Maynila at nagkaroon ng isang malaking bahay sa Quezon City. At napangasawa niya si Ising na taga San Fernando at nagkaroon sila ng Anak. Sa kabila nang kanyang katanyagan ay hindi nya pa rin malimutan ang sakit at sama ng loob na dinanas nya sa San Roque kahit na nangamatay na ang mga gumawa nito sa kanya. At loob ng mahabang panahon ay hindi siya pumunta o umuwi doon upang dalawin ang puntod ng kanyang mga magulang. Hanggang sa isang araw ay lumapit sa kanya ang Tiyo Julio niya upang magpatulong ukol sa lupa. Hindi naman ito nabigo sa paghingi ng tulong kay Layo.

Samantala, ikinagulat ng lahat nang malaman na mayroon siyang kanser. Labis ang kalungkutang nadarama ng kanyang pamilya. Itinatago niya ang takot na nararamdaman. Ipinipilit niya na huwag siyang ilibing sa San Roque dahil sa galit at poot na nararamdaman niya. Ngunit pinayuhan ito ni Tiyo Julio na sa kalaunan din ay naintindihan niya at napatawad niya ang mga taong nagpahirap sa kanya noon. At iniuwi rin ang kanyang katawan sa San Roque at doon na rin inilibing.

**e. Gintong aral**

Sabi nga sa Kasabihan, “Gaano man kalayo ang iyong marating babalik at balik ka rin sa lugar na iyong pinaggalingan.” Hindi dapat natin kalimutan kung saan tayo nagmula. Ang paglimot dito ay tulad din ng pagkawala ng isa sa mahalagang bahagi ng buhay at kung hindi mo babalikan ay hindi rin masusumpungan ang tunay na kwento ng iyong buhay. Hindi ka lubos na magiging masaya kung hindi ka marunong magpatawad sa iyong nakaraan. Gagaan lang ang dibdib kung ang lahat ng pagkamuhi sa nakaraan ay papatawarin ng tao. Lahat lang tayo ay babalik sa lupa, kaya walang karapatan ang sinuman na magmalaki dahil pagdating sa kamatayan pantay pantay lang tayo.

**III.** Pagsusuri

a. **Uri ng Panitikan** - Ang "Lupa sa Sariling Bayan" ay isang uri ng Maikling Kwento na naglalahad ng kabutihang asal at kapupulutan ng magandang aral.

b. **Istilo ng Paglalahad**

Ang ginamit na manunulat sa estilo ng paglalahad ay sa paraang circular dahil nga simula ang kwento sa paghihirap ni Layo at sa Gitna nng makakamtan niya ang tagumpay at magandang buhay subalit ang Wakas nito ay nasa malunkot na bahagi.Naipakita din dito ang pagging matatag ni Layo sa kabila ng mga nararanasan niya.

c. **Panahong kinabibilangan**

Ang maikling kwentong ito ay nabibilang sa modern o kasalukuyang panahon, dahil magpanghanggang sa ngayon ay nararanasan pa rin ng iba nating mga kapwa ang ganitong sitwasyon.

c. **Tayutay/Kawikaan**

"Matutong Lumingon sa Pinanggalingan" babalik at bablik din nag ating katawan sa ating luapng kisadlakan.

d. **Galaw ng pangyayari**

Simula - Ang kwento ay inilahad sa paraang pagsasalaysay ni Ben. May kaunting pahapyaw ng paggamit ng pangalawang persona subalit mas kadalasan na ginagamit ay ang pangatlo.Isinasalaysay dito kung paano maghirap si Layo.

Gitna - Ang nilalalaman nito ay ang pananagumpay ni Layo bilang isang magaling na abogado.At ang pagkamuhi ni Layo sa San Roque. Subalit mapapansin dito ang paghihirap ni Layo, ang pagharap niya sa karamdaman. Kaya sa bahaging ito si Layo ay nakikipatunggali sa kalikasan sa sakit na Kanser.

Wakas - Sa bahaging ito, sa kabila ng pagdaramdam ni Layo sa bayan ng San Roque, tanggap na niya na hindi na malulunasan ang kanyang sakit kaya hiling niya na sa Maynila siya ilibing. Subalit pinayuhan siya ng kanyang Tiyo Julio na masama magbaon ng hinanakit at patawarin, kalimutan na niya ang mapapait na nagyari sa sa Roque.Kaya naman, noong

sumang-ayon si Layo,yun din ang oras na unti-unting pagkawala ng kanyang hininga.At Doon siya nilibing sa kanyang sariling bayan.

e. **Bisang pangkaisapan**

1. **Bisa sa Isip**

Lubos na intindihin ang bawat sitwasyon sa ating buhay upang magkaroon ng tamang desisyon.

2. **Bisa sa damdamin/Kaasalan**

Maging mapagpatawad sa mga nagkasala sa'tin kahit na sobrang hirap ng ating dinanas, gawin na lamang itong inspirasyon upang maging matagumpay.

3. **Bisa sa lipunan**

Tayo'y maging matulungin sa ating kapwa.

**f. Pagpapahalaga ayon sa nilalaman**

1. **Kalagayang Sosyal**
   Sa maikling kwentong ito'y nakapaloob ang pagmamaltrato sa mga kabataan magpanghanggang sa ngayon, na hindi dapat na nangyayari sa mga bata.

2. **Kulturang Filipino**
   Magkakaroon ka ng realisasyon sa maikling kwentong katulad na ito ang talinhagang binitiwan ng ating bayaning si Dr. Jose Rizal "*Ang di tumingin sa pinanggalingan ay di makakarating sa paroroonan*" na kultura na saating Filipino na tumingin sa ating pinanggalingan.